# ULAN

by WEAREBANNED

Php 55

BUY ME!

# Halu-halo, Pinoy Specialty

Haaay... Hirap pala magsulat ng isang editorial. Natapos ko ng isulat ang napakadaming kuwento o tula o lyrics sa isang kanta, pero hindi ko akalain na sa isang editorial lang ako mababalisa.

Unang-una, nais ko lamang po ipagpaumanhin ang aming gawa ngunit ngayong lamang po naming sinubukang pagsama-samahin ang aming pwersa para makabuo ng isang indie.

Hindi ko akalain na hindi kami madadalian sapagkat ang akala nami'y kaya na ng bawat isa ang kani-kanilang gagampanan ngunit, natuklasan kong kailangan rin pala ng teamwork sa ganitong klase ng proyekto.

Dalawa sanang kwento ang gagawain namin ngunit naisipan na lamang na pagsamahin sa iisang indie. Karaniwan na ang action o kaya naman ang fantasy sa isang kuwento, kaya naisip ko, "Paano kung maiba naman tayo?"

A combination of comedy and drama sa iisang kwento, kakaiba hindi ba? Something with a moral lesson for everybody na magbabasa nito. Something with a hint of a little kakulitan. Something with half a cup of reality and half a cup of fiction.

Tulad ng WAB forums, halu-halo din. Iba-ibang tao, iba-ibang buhay, iba-ibang kulay pero kahit na pagsama-samahin, hindi aakalaing magkakaiba, dahil parang iisa talaga.

Naks! XD

John Paul Bantigue
Writer / Editor

STAFF:

John Paul Bantigue - Writer
Reindale Daye Santos - Co-Writer
Aaron Cruz - Artist
Honey Den Marquez - Artist
Mickey Delos Santos - Co-Artist
Arnel De Guzman - Toning Artist

SPECIAL THANKS TO:

Martin Rivera as Buknoy &
Andrew Delos Santos as Siopao;
Iya P. "lavetite" - sa names;
Den's Shop - sa games;
James D. - sa words;
Philip R. "stanislao" - sa yoyo tricks;
Adrian "arikado" - sa wala lang XD


Suportahan ninyo po kami:
http://wearebanned.gameops.net/


Sali na! Para WAB namin kayo!

Ulan™ & Characters © WeAreBanned™





*WAB - WE ARE BANNED FORUMS/MEMBERS.


TANDANG-TANDA KO PA NOONG ARAW. NOONG AKO'Y ISA PA LAMANG MAG-AARAL...
BAWAL KAYA ANG SIOPAO?
MALAKAS ANG BUHOS NG ULAN...
TULAD NG MGA LUHANG DUMADALOY SA KANYANG MGA MATA...
NAROON AKO PARA SA KANYA... PARA SA KANYA...
NILISAN SIYA NG KANYANG KASINTAHAN...
BINALEWALA ANG LIMANG-TAONG PAGSASAMA...
HUWAG KA NANG TUMANGIS, NARITO LAMANG AKO. HINDING-HINDI AKO LILISAN...
TULAD NG DATI KO PANG GINAGAWA...





MULING SUMISIKAT ANG ARAW NG PAG-ASA
VINCE, IPANGAKO MONG HINDI KA MAWAWALA. HAWAKAN MO ANG AKING KAMAY HANGGANG SA KATAPUSAN.
PANGAKO...
NOON RI'Y INIHATID KO SIYA SA DORM NIYA...
NARITO NA TAYO, LIN. IKAW AY MAGPAHINGA NA
MARAMING SALAMAT. PAUMANHIN AT NAABALA PA KITA.
WAG MO NG ISIPIN YUN. SIGE NA'T MAGPAHINGA KA NA. AKO'Y MAUUNA NA.
MARAMING SALAMAT MULI.
ITO ANG SIMULA NG ISANG MALING AKALA...


SI MARILIN, MATAGAL KO NA RIN SIYANG KAKILALA,
AT MULA PA NOONG UNA KO SIYANG MASILAYAN AY NAHULOG NA ANG LOOB KO SA KANYA.
SUBALIT SADYANG MAPAGLARO ANG TADHANA.
VINCE!!!
KUMUSTA?
HINDI BA DAPAT, AKO ANG NAGTATANONG SA IYO NIYAN?
BAKIT KA NARITO? HINDI BA'T MAY KLASE KA NGAYON?
OO, PERO AKO'Y LUMIBAN PARA MAISAULI 'KO SA IYO ITO.
NARITO ANG JACKET MO. SALAMAT ULIT HA?
AH, HINDI KA NA DAPAT NAG-ABALA PA.
GINAWA NIYA ITO PARA SA AKIN? HINDI KAYA??


MARAMING SALAMAT TALAGA.
NADINIG NYO NA BA ANG BALITA? HIWALAY NA DAW SI RICK AT LIN.
HIHIHI
AY NAKO! HINDI NA KAGULAT-GULAT! ANG BABAENG YUN AY ISANG MALAKING HALIPAROT.
HIHIHI
AYAN NA NAMAN ANG LUKARET! NAGLANDI NA NAMAN!
HIHIHI
HINDI BA'T SI LIN YUN?
HIHIHI
HUH?
NADINIG NIYA ATA TAYO?
OH NOSE!
TUMAHIMIK NA KAYO!
HUWAG NINYONG PAGSALITAAN NG MASAMA SI LIN! HINDI NINYO SIYA GAANONG KILALA!
HINDI KO NAPIGILAN ANG BUGSO NG MGA SALITA MULA SA BIBIG KO...


LI-LIN!!!
SNIFF
SNIFF
SNIFF
SNIFF
SNIFF
SNIFF
HFF
HFF
HFF


HUWAG KANG MAKIKINIG SA KANILA...
LABIS LANG SILANG NAIINGGIT SA'YO DAHIL NATATANGI KA.
DAHIL MAGANDA KA, KASING GANDA NG LANGIT.
BAKIT GINAGAWA MO ITO PARA SA AKIN?
DAHIL MAHAL KITA.
AT NANGAKO AKONG DI KITA IIWANAN.



HALIKA NA, SASAMAHAN NA KITA SA SUSUNOD MONG KLASE.
UNTI-UNTI NIYA AKONG NATUTUNANG MAHALIN..


NAGING MASAYA KAMI...
AT LALO PA AKONG NAGIGING MASAYA TUWING NAKIKITA KO SIYANG MASAYA...



HMM...
HMM... BASTA...
A-ANONG?!
ISANG NAPAKAHALAGANG PAGDIRIWANG ANG INIHANDA KO PARA SA AMIN...
LIN, ISANG TAON NA TAYO. ALAM MO BANG NAG-ARAL PA AKONG MAGLUTO PARA LAMANG SA IYO?
AWWWWWW!!!! ANG SWEET NAMAN!!!!
LIN, I LOVE YOU.
*HALIK*



VINCE, KUNG MAHAL MO AKONG TUNAY, GAGAWIN MO ANG LAHAT PARA SA AKIN?
ALAM MO NAMANG, OO ANG SAGOT KO DIYAN.
KUNG GAYON, GUSTO KO SANANG IPAGLUTO MO AKO NG ROAST CALF TUWING TANGHALIN KO.
ROAST CALF?
YUN LANG PALA EH!! BASTA'T PARA SAYO, GAGAWIN KO!!
OO, PABORITO KO KASING ULAM IYON.
PAGKALIPAS NG ILANG LINGGO...


TADAAA!!! ROAST CALF PARA SAYO.
WOW! TINUPAD MO! SALAMAT! NGA PALA--
TEKA...
--MAY MEETING KASI KAMI SIMULA NGAYON TUWING GANITONG ORAS PALAGI.
...AH SIGE, MAG-IINGAT KA!
ARAW-ARAW AY PALAGING GANOON...
OK LANG NAMAN, DAHIL ALAM KONG MASAYA SIYA.


SUBALIT ISANG ARAW...
NALILITO AKO...
HINDI AKO MAPAKALI
TUWING HINDI KO
SIYA NAKAKAPILING...
HINDI KO MAIWASANG
MAG-ISIP NG KUNG ANU-ANO...
HINDI SA NAWAWALAN NA
AKO NG TIWALA SA KANYA...
...PERO...
...MASAMA ANG AKING KUTOB,
PERO SANA MALI LAMANG AKO.
KAYA,
SINUNDAN KO SIYA...


LUMABAS SI LIN AT AKO'Y NAGTAGO SA ISANG BAKANTENG CLASSROOM.
LIN, 'DI BA'T HINDI NAMAN DIYAN ANG INYONG PAGPUPULONG?
...NG KUNG ANU-ANO PA--
--RICK?!?!
RICK!!! ♥
LIN...
AYOKO NANG MAG-ISIP...
MMF...
MMF... MM-- RICK, HON, DALA KO NA ANG PABORITO MONG ULAM...
...ANG ROAST CALF MO.
BAKIT MO NAGAWA SA AKIN TO?
HINDING-HINDI KITA MAPAPATAWAD.


KINAHAPUNAN...
SALAMA-AT!!! NAPAKASARAP TALAGA NG IYONG LUTO!
HUWAG KA NANG MAGPAPAKITA SA AKIN KAHIT KAILAN!
VI-VINCE, A- ANO BA'NG NANGYARI SA'YO?
TANGA NA KUNG TANGA! PERO GINAGO MO AKO!!!
HUWAG KA NANG MAGPALIWANAG PA! KITANG-KITA NG DALAWA KONG MATA!
TAPOS NA TAYO...
KUNG NAGING TAYO MAN...
VINCE, PATAWARIN MO AKO... HUWAG MO AKONG IWANAN... HUHUHU...


MUKHANG DINADAMAYAN DIN AKO NG PANAHON...
UMUULAN... BUMABAGYO... SINASAMAHAN NG MATINDING GALIT NG KALANGITAN...
NANGAKO AKONG HINDI KO SIYA IIWANAN...
...HINDI NGA,
SUBALIT SIYA ANG NANG-IWAN SA AKIN.


TAKTE! PATAHIMIKIN MO NGA 'YANG ANAK MO! 'KITANG NANONOOD AKO DITO EH!
WAAAAAAA!!!!
TUMIGIL SA PAG-AARAL SI RICK, NANG MABUNTIS NIYA SI LIN. ITINAKWIL SIYA NG KANYANG PAMILYA, KAHIHIYAN DAW SIYA SA KANILANG DUGO.
P%{#ETA! ANAK MO DIN NAMAN SIYA EH! WALA KA NA NGANG TRABAHO, IKAW PA'NG NAGAGALIT!
SA KABILANG DAKO, SI LIN NAMAN ANG NAGHAHANAP-BUHAY PARA SA KANILANG PAMILYA...
UHMM, EXCUSE ME, PWEDE PO BANG MAKI-UPO? PUNO NA KASI ANG IBANG MESA...
SIGE LANG.
SUPLADO NAMAN! CUTE KA PA MAN DIN!
AKO NGA PALA SI DINNA.
VINCE.
SI DINNA, ANG MULING NAGPA-IKOT NG AKING MUNDO. IKINASAL KAMI PAGKATAPOS NG 3 TAONG WALANG SAWANG PAGMAMAHALAN. AT HANGGANG NGAYON, MAHAL PA RIN NAMIN ANG ISA'T ISA.
ISA LAMANG, ANG GUSTO KONG MATUPAD KAPAG NAYARI NA ITO, IPAGBAWAL ANG "ROAST CALF" SA BAHAY NG ALUMNI.
YES, BOSS! IPAPALIWANAG KO PO SA IBA.
ITINAYO KO ANG BAHAY NG ALUMNI, SA LUGAR KUNG SAAN UNA KONG INAMIN ANG PAG-IROG KO SA'KING UNANG MAHAL.
...ISANG ALAALA LANG NA, KAHIT KAILAN, HINDI KO SIYA INIWAN.

TAPOS


SA BAHAY NG ALUMNI,
SA UNIBERSIDAD NG PILIPINAS.
WELCOME SA KOMIKON '05!!!
DITO PO SA KALIWANG BAHAGI NG ENTABLADO, MAKIKITA NATIN ANG MGA JUDGE NG INDIE KONTEST!
SIOPS, SIOPS! PICTURAN MO KAMI DITO!!!
EH PA'NO AKO? HINDI NANAMAN AKO MAKIKITA!!!
Mr. Vincent Cruz
AYOS!
SAY BANNED!!!
OK LANG YUN! OFFICIAL PHOTOGRAPHER KA NAMAN NG WAB EH!
AKO... AKO... LAGI NALANG AKO...
TAPOS NA TALAGA.